

GRADE VI

# PAKIKIPAG-UGNAYAN NG PILIPINAS SA MGA BANSANG MAUNLAD AT PAPAUNLAD



## ALAMIN MO

Hanapin sa palaisipan ang mga bansa.  Bilugan mo ang mga ito.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| L | A | O | S | P | A | C | D |
| V | A | M | E | R | I | C | A |
| I | N | H | A | P | O | N | C |
| E | O | A | M | S | P | P | A |
| T | O | D | A | I | Q | I | N |
| N | N | N | L | N | I | L | A |
| A | E | A | A | G | E | I | D |
| M | S | R | Y | A | T | P | A |
| I | I | A | S | P | A | I | O |
| R | A | B | I | O | N | N | N |
| S | L | E | A | R | A | A | V |
| E | L | H | I | E | A | S | V |
| M | C | H | I | N | A | A | D |

*Ano-ano ang  bansa na mabubuo mo sa palaisipang ito?  Bilugan mo ang mga ito.*

Ang Pilipinas ay may pakikipag-ugnayan sa ibang bansa, sa mga bansang mauunlad at papaunlad.  May kahalagahan ba ito sa mga Pilipino?  Ito ay pag-aaralan natin sa modyul na ito.



## PAGBALIK-ARALAN MO

Tingnan natin kung natatandaan mo pa ang mga paraan ng pakikipag-ugnayan ng mga naging pangulo sa Ikatlong Republika.  Isulat mo ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

A. Carlos P. Romulo
B. Diosdado Macapagal
C. Ramon Magsaysay
D. Elpidio Quirino
E. Ferdinand E. Marcos
F. Manuel Roxas

Simulan mo rito.

1. Nagtatag ng Samahan ng Pakikipagkasundo sa Timog Silangang Asya o SEATO.
2. Ipinatupad niya ang patakarang "Asya Para sa Mga Taga-Asya".
3. Itinatag ang MAPHILINDO (Malaysia, Pilipinas, Indonesia) sa pakikipagkalakalan sa panahon ng kanyang panunungkulan.
4. Nabuo sa kanyang panunungkulan ang Association of Southeast Asian Nations o ASEAN.
5. Binigyang diin ang pakikipag-ugnayan ng Pilipinas at Estados Unidos at nakipagkasunduan ukol sa kabuhayan at kaligtasan.

## PAG-ARALAN MO

Napag-aralan mo na ang mga paraan ng pakikipag-ugnayan ng Pilipinas sa iba't ibang Samahan.  Ngayon alamin natin kung anong pakikipag-ugnayan ang ginagawa ng Pilipinas sa mauunlad na Bansa.

*Basahin mo ang ginawang ulat nina Jose at Nora sa klase ng HEKASI.*



Ang Pilipinas at ang dating Unyong Sobyet ay nagsimula ng kanilang ugnayang diplomatiko. Lumagda ang dating Pangulong Nikolai Podgorny ng kasunduang pangkalakalan. Umangkat ang Unyong Sobyet sa Pilipinas ng langis ng niyog, asukal, tanso at abaka. Nagkaroon ng embahada ang Pilipinas sa Moscow at ang Unyong Sobyet sa Maynila.

- *Ano ang nilagdaan ni dating Pangulong Marcos at Pangulong Nikolai sa pakikipag-ugnayan nila sa bansa?*



Nagsimula ang ugnayang Pilipino sa mga Arabe noong ika-9 na dantaon. Ang Arabe ay nakipag-ugnayan sa Pilipinas at dito nabigyan ng pagkakataon ang mga manggagawang Pilipino na makapaghanapbuhay noon. Sila rin ang nagpalaganap ng relihiyong Islam at nagtatag ng Pamahalaang Sultano.
Ano ang naitulong ng bansang Arabe sa kabuhayan ng Pilipinas?

- *Ano ang naitulong ng bansang Arabe sa kabuhayan ng Pilipinas?*



Ang mga Pilipino at Hapones ay matagal nang may pag-uugnayan. Kahit may alaalang iniwan ang bansang Hapon sa Pilipinas noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig patuloy pa rin ang pakikipag-ugnayan ng Pilipinas sa bansang Hapon. Pinagtibay ang Kasunduang Pangkatahimikan noong Mayo 9, 1986. Ito ang kasunduan tungkol sa pagbabayad ng Pamahalaang Hapones para sa pinsalang dulot ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

- *Ano ang ginagawang pakikipag-ugnayan ng Hapones sa kalagayang pangkabuhayan ng Pilipinas?*



Ang pakikipag-ugnayan ng Pilipinas at Estados Unidos ay patuloy pa rin hanggang sa kasalukuyan. Pinagtibay ang kasunduan sa pangkalahatang ugnayan sa pagitan ng dalawang bansa. Ang kalakalang pangkultura, pang-edukasyon at pangkabuhayan ay naipatupad.

Maraming pagbabagong naganap sa buhay ng mga Pilipino sa panahon ng pamamahala ng mga Amerikano. Ang mga kaugalian, pamamaraan sa pamumuhay at iba pang natutuhan sa kanila ay naging bahagi na ng kulturang Pilipino.

- *Ano ang pinagtibay na kasunduan sa pagitan ng dalawang bansa?*

- *Sa aling pangkat ng mga bansang maunlad o papaunlad nagkaroon ng maraming kabutihang naidulot ang pakikipag-ugnayan?*

## PAGSANAYAN MO

1. Saang maunlad na bansa nakipag-ugnayan ang Pilipinas?
   A. Amerika
   B. Vietnam
   C. Myanmar
   D. Indonesia

2. Ano ang kabutihang dulot ng pakikipag-ugnayan ng Pilipinas sa mga bansang Arabe?
   A. naakit nila itong maging Kristiyano
   B. naging Muslim ang maraming Pilipino
   C. makapagbigay ng hanapbuhay sa mga Muslim
   D. nakapagbigay ng hanapbuhay sa mga Pilpinong manggagawa

3. Ano ang nangyari sa pakikipag-ugnayan ng Pilipinas sa Estados Unidos matapos ang digmaan?
   A. nawala
   B. naputol
   C. tumatag
   D. nagbago

4. Kailan nagsimula ang mabuting pagkakaibigan ng Pilipinas at bansang Hapon?
   A. nang umunlad ang Pilipinas
   B. nang umalis ang mga Amerikano
   C. nang dumating sa Pilipinas ang mga Hapones
   D. nang mapagtibay ang kasunduang pangkatahimikan

5. Bakit nakikipag-ugnayan ang Pilipinas sa mga bansang papaunlad?
   A. upang makautang tayo
   B. upang matulungan ang Pilipinas
   C. upang makatulong sa bansa tulad natin
   D. upang makapagtrabaho sa kanilang bansa

## TANDAAN MO

- *Mahalaga sa pagsulong at pag-unlad ng Pilipinas ang pakikipag-ugnayan sa ibat ibang bansa*
- *May pakikipag-ugnayang ginawa ang Pilipinas sa bansang Estados Unidos at bansang Hapon.*

## ISAPUSO MO

*Ano ang magiging damdamin mo sa sitwasyong ito?*

Matinding kahirapan ang naranasan ng mga mamamayang Pilipino noong panahon ng Hapon. Gutom, hirap at sakit ng kalooban ang natamasa natin sa pananakop ng mga Hapones. Halos lahat ng taong bayan ay takot na takot na makaharap at makausap sila lalo na ang kababaihan. Habang ito ay pinagbabalik-aralan mo, ano ang nararamdaman mo?

__________________________________________________________

__________________________________________________________

__________________________________________________________

__________________________________________________________

________________________.

Ngayong malaya na ang ating bansa at sa kasalukuyan ay nakikipakalakalan na tayo sa kanila, anong nararamdaman mo? Isulat sa maikling pagpapaliwanag.

__________________________________________________________

__________________________________________________________

__________________________________________________________


__________________________________________________________

________________________.



## GAWIN MO

Magtala ng dalawang mahalagang pakinabang na dulot ng pakikipag-ugnayan ng Pilipino sa mga bansang nabanggit sa ibaba.






## PAGTATAYA

Isulat ang **S** kung sumasang-ayon ka sa isinasaad ng pangungusap at **DS** kung hindi ka sumasang-ayon

Simulan mo rito.

_______1. Nakatulong sa pagpapaunlad ng Kultura ng bansa ang pakikipag-ugnayan sa bansang Estados Unidos.



_______2. Nakapagbigay ng hanapbuhay sa mga Pilipinong manggagawa ang pakikipag-ugnayan ng Pilipinas sa mga bansang Arabe.


_______3. Naghirap ang bansa nang magkaroon ng ugnayang diplomatiko sa mga bansang Sosyalista.

_______4. Nakipag-ugnayan ang Pilipinas sa mga bansang papaunlad upang makapagtrabaho ang mga Pilipino sa kanilang bansa.

_______5. Nang matapos ang digmaan nawala ang pakikipag-ugnayan ng Pilipinas sa Estados Unidos.

## PAGPAPAYAMANG GAWAIN

Mangalap ng mga *clipping* ukol sa pakikipag-ugnayan ng Pilipinas sa bansang mauunlad at bansang papaunlad pa.



Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.